SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 11, 2023, LUNES, IKA-9:36 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 19 SEP 2023 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 09/20/23 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 350-T2023**

**KAPASIYAHAN KINIKILALA ANG SAMAHAN NG KABABAIHANG AARIBA NG SAMA-SAMA SA LAGUNA (KASLA), SANTA CRUZ, LAGUNA BILANG ISANG PEOPLE'S ORGANIZATION NG BAYANG ITO.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Samahan ng Kababaihang Aariba ng Sama-sama sa Laguna (KASLA) na kilalanin sila bilang isang lehitimong Samahang Pampamahalaan na maging bahagi ng Civil Society Organization ng bayang ito;

**SAPAGKAT**, ang naturang kahilingan ay nararapat upang patuloy na maging kabahagi at kabalikat ang nabanggit na samahan sa mga programa ng bayang ito gayundin ay nakapagsumite ang samahan ng kaukulang dokumento para sa kanilang pagkilala;

**SAPAGKAT**, layunin ng Pamahalaang Bayan ang mabigyan ng tamang pagkilala at mapasama bilang isang Civil Society Organization sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Kautusan at Batas); na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Alan T. Pamatmat at Kgg. Regine S. Regalado at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Kilalanin ang Samahan ng KABABAIHANG AARIBA NG SAMA-SAMA SA LAGUNA (KASLA), SANTA CRUZ, LAGUNA BILANG ISANG PEOPLE'S ORGANIZATION NG BAYANG ITO

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, at, Samahan ng Kababaihang Aariba ng Sama-sama sa Laguna (KASLA), lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 11, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: 9/19/23

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

9/19/23 8237